Para sa mga Magsisimula ng Panibagong Pamumuhay

1 Status of Residence

- **Upang makapagtrabaho sa Japan, nararapat na ang kanilang Status of residence ay naaangkop sa estado na maaaring magtrabaho.** Kung ang hawak mo ay working visa o status residence, kailangang alamin kung ang uri ng trabaho mo ay nasa kategorya ng trabaho na nakatala sa iyong Status of Residence

Listahan ng mga Status of Residence（Immigration Services Agency）
https://www.moj.go.jp/isa/applications/status/qaq5.html

- Para sa nakatapos sa Kolehiyo ng Japan, may Status of residence na “Designated Activities (Notipikasyon Numero 46” ay maaring magtrabaho sa pang-publiko man o pribadong institusyon. Tandaan na upang makakuha nito, nararapat na gamitin ang kanilang malaking kakayahan sa paggamit ng wikang hapon at may mga mataas na pinag-aralan at sapat na kaalaman na kanilang nakamit habang sila pa ay isang banyagang estudyante. Para sa detalye, mangyaring i-click ang link sa ibaba.

Status of residence: "Designated Activities" (Nagtapos sa mga Unibersidad ng Japan at ang kanilang mga asawa) - (Immigration Services Agency)
https://www.moj.go.jp/isa/applications/status/designatedactivities11.html

- **Para sa mga nakapagtapos ng Unibersidad sa Japan at maghahanap ng trabaho dito sa Japan , ang kanilang Status of residence ay maaaring palitan ng “Designated Activities (Paghahanap ng trabaho)”** at kung matugunan ang mga requirements, ay mabibigyan rin ng “Permiso na gumawa ng mga aktibidad bukod sa mga sakop ng status of residence”.

Para sa nakapagtapos ng Unibersidad at nais manatili sa Japan upang makahanap ng trabaho（Immigration Services Agency）
https://www.moj.go.jp/isa/applications/resources/nyukan_nyukan84.html

- Para sa aplikasyon sa pagpalit bilang “Engineer・Specialist in Humanities・International Services” o kaya ay “Research”, maaaring mabawasan ang mga papeles na isusumite kung matatapat sa mga kwalipikasyon na nasa ibaba. Alamin ang detalye sa link na nasa ibaba.

① Magtatapos sa Unibersidad ng Japan (nakatala) (kabilang ang nakapagtapos sa kolehiyo at Vocational School)
② Nakapagtapos sa Unibersidad sa ibang bansa nang may karangalan
③ Napalitan ang “Student visa” bilang working visa at magtatrabaho sa Institusyon sa Japan

Para po sa mga nagpaplanong mag-aplay sa pagpapalit ng residence status mula sa pagiging "Estudyante" sa "Work Status" (Immigration Services Agency)
https://www.moj.go.jp/isa/10_00240.html

Kung nakapagtapos na ang isang working student, siya ay hindi na matatawag na “estudyante” kaya kasabay nito ay mawawalan ng bisa ang kanyang “Permiso na gumawa ng mga aktibidad bukod sa sakop ng status of residence” at **hindi na maaaring mag-arubaito o part-time job.**




2 Pensyon at Health Insurance

Pensyon Para sa mga may edad na 20 anyos, nararapat na pumasok sa sinasabing “Public Pension System”

Ukol sa Social Insurance ng Japan（Japan Pension Service）

https://www.nenkin.go.jp/international/index.html



Ang mga estudyante ay maaaring mag-aplay ng iksemsyon sa pagbabayad ng pensyon habang nag-aaral na tinatawag na **“Special Payment for Students” at maaari itong gamitin**.Para sa detalye, alamin po sa aming HP ”Mga Madalas na Katanungan：Ukol sa Pensyon ng mga Estudyante” at atin pong gawing sanggunian.

https://www.hiecc.or.jp/soudan/info/detail.html?pid=9555789318804

Health Insurance Ayon sa tuntunin, ang sinumang naninirahan sa Japan na may pahintulot manirahan ng lampas sa Tatlong buwan ay kailangang kumuha ng health insurance.

Impormasyon ukol sa National Health Insurance（Hokkaido）

https://www.pref.hokkaido.lg.jp/hf/kki/hp_guidance.html

Ukol sa Pensyon・Health Insurance

Kung maninirahan nang higit sa tatlong buwan sa Japan, nararapat na pumasok sa **“Employee’s Pension at Health Insurance”** sa pamamagitan ng kompanyang pinapasukan o kaya ay pumasok sa **“National Pension at Health Insurance”** sa Munisipalidad na tinitirahan. Atin pong alamin kung alin po dito ang naaangkop sa atin.

Employee’s Pension・Health Insurance

- Ang mga empleyado ay kailangang kumuha ng Employee’s Pension・Health Insurance sa pamamagitan ng kompanya.
- Ang kompanya ang gagawa ng proseso kaya wala nang dapat gawing aplikasyon. Ang kalahati ng bayad ay ibabawas sa sweldo at ang kalahati ay babayaran ng kompanya.

*May kompanya rin na hindi nakapasok sa Employee’s Pension・Health Insurance, kaya nararapat natin itong alamin.

National Pension・Health Insurance

- Ang mga taong walang Employee’s Pension・Health Insurance ay nararapat na kumuha o magbayad ng National Pension・Health Insurance.
- Ang aplikasyon ay isinasagawa sa Munisipyo ng tinitirahang lugar. Pagkatapos ng aplikasyon, makakatanggap ng payment slip na babayaran sa convenience store o banko.



Itinigil na ang pag-isyu ng Health Insurance mula noong Disyembre 2, 2024. Kapalit nito ay ang paggamit ng **My Number Card (MyNa Health Insurance).** Para sa detalye, alamin po sa aming HP “Madalas na Katanungan: Ukol sa My Number・Health Insurance”.

https://www.hiecc.or.jp/soudan/info/detail.html?pid=9154985343749

3 Proseso para sa Paglipat ng tirahan

Pagpalit ng Address

- **Kung lilipat sa loob ng Munisipalidad ng tirahan**：Pumunta sa munisipyo at mag-aplay ng “Change of Address” sa loob ng 14 araw matapos lumipat.
- **Kung lilipat sa ibang Munisipalidad**：Magsumite ng **Moving out notification** sa munisipaidad ng tirahan sa loob ng 14 araw bago lumipat at pagkalipat naman ay kailangan magsumite ng **Moving in notification** sa munisipalidad ng bagong tirahan sa loob ng 14 araw.

Basura

Kung may mga gamit o appliances na hindi maaaring itapon sa normal na pangongolekta ng basura, mangyaring alamin nang maaga ang paraan ng pagtatapon ng mga ito. Naiiba ang mga araw ng pangongolekta at paraan ng pagtatapon ng basura. Kaya atin pong alamin sa munisipalidad ng tirahan.

Koreo

May serbisyo ang post office para sa pag-forward ng mga sulat o bagay na darating sa dating address. Kanila itong ipapadala sa iyong bagong tirahan, ang serbisyong ito ay walang bayad ngunit magagamit lamang sa loob ng isang taon. Para sa mga gagamit ng serbisyong ito, mangyaring ipaalam sa post office, post box na malapit sa inyo at sa “e-tenkyo” na gamit online kapag lumipat ng tirahan. Kailangang magpasa ng ID kung ikaw ay gagamit ng post box.

Relocation・Forwarding Service（Japan Post）

https://www.post.japanpost.jp/service/tenkyo/

Kontrata sa Pag-upa ng Bahay

Sa pagtatapos ng kontrata ng apartment o bahay na tinitirahan, kailangang alamin kung ano ang mga bagay at mga dapat panagutang bayarin

“Halimbawa ng Listahan ng mga bagay na dapat alamin kung kailangang panagutan sa oras na itigil ang kontrata sa pagtira dito”
（Ministry of Land, Infrastracture, Transport and Tourism）

https://www.mlit.go.jp/jutakukentiku/house/jutakukentiku_house_tk3_000017.html

Iba pang Kontrata

Sa paglipat ng tirahan, kailangang itigil ang kontrata sa ilaw, tubig, gas, internet atbp. Subalit kung gagamitin pa rin ang credit card, bank account at mobile phone ay mangyaring mag-proseso ng pagpapalit ng address.

4 Kontrata sa Pagtatrabaho

Nararapat na suriing mabuti ang nilalaman ng kontrata ng Pagtatrabaho bago makipag kontrata sa isang kompanya. **Nakasaad sa kontrata ang kondisyon para sa oras ng trabaho at rate ng sweldo**.Kung mayroong hindi naiintindihan o kaya ay magkaiba ang paliwanag na nakasulat mismo sa kontrata ay mangyaring kumunsulta agad sa inyong kompanya. At kung hindi pa rin naiintindihan, kumunsulta sa hotline para sa mga banyagang empleyado na nasa maraming wika.

Konsultasyon para sa mga Banyagang Empleyado
（Ministry of Health, Labor and Welfare）
https://www.check-roudou.mhlw.go.jp/soudan/foreigner.html



Ukol sa mga pangunahing kondisyon sa pagtatrabaho, basahin ang **"Working Conditions Handbook".**

https://www.mhlw.go.jp/stf/seisakunitsuite/bunya/koyou_roudou/roudoukijun/foreign/index.html



Kami po ay sumusuporta at naghahangad ng inyong maayos na unang paghakbang patungo sa panibagong pamumuhay!

Kung mangangailangan ng interpretasyon huwag pong mag-atubiling tumawag sa Hokkaido Foreign Support Center.

www.hiecc.or.jp/soudan support@hiecc.or.jp TEL: 011-200-9595 FAX: 011-221-7845